Royal College of Anaesthetists

Association of Anaesthetists

Association of Paediatric Anaesthetists of Great Britain and Ireland

# Ang pangkalahatang anestetiko ng iyong anak

Ipinapaliwanag ng polyeto na ito kung ano ang dapat aasahan kapag ang isang bata o kabataan ay pumasok sa ospital upang magkaroon ng operasyon na may pangkalahatang anestetiko. Sinulat ito ng mga anestesista, na may tulong mula sa mga kinatawan ng pasyente, mga magulang at tagapag-alaga.

## Mga Nilalaman

Ipinapaliwanag ng polyetong ito:

- ang pangkalahatang impormasyon tungkol sa anestesya at ang pangkat na nagbabantay sa iyong anak
- kung paano ihanda ang iyong anak para sa isang operasyon
- kung saan pwedeng makahanap ng mga mapagkukunan ng impormasyon para sa mga bata at mga kabataan
- kung ano ang mangyayari bago ang operasyon
- kung ano ang mangyayari sa araw ng operasyon
- kung ano ang mangyayari pagkatapos ng operasyon
- ang peligro at pinagsamang paggawa ng desisyon.

## Tungkol sa anestesya

Tinitiyak ng pangkalahatang anestesya na walang malay at walang sakit na nararamdaman ang iyong anak sa panahon ng operasyon.

Ang mga anestetiko ay ang gamot na ginagamit para simulan at panatilihin ang anestesya.

- Sinisimulan ng ilang mga anestetiko ang operasyon sa pamamagitan ng paglagay ng gamot sa ugat gamit ang isang plastik na tubo na tinatawag na cannula.
- Ang iba pang mga anestetiko ay nagsisimula sa paghinga ng gas sa pamamagitan ng mask sa bibig at ilong. Nilalagay lamang ang cannula kapag nakatulog na ang iyong anak.
- Maaaring mapanatili ang anestetik sa pamamagitan ng pagpapatuloy sa paghinga ng gas o pagbibigay ng anestetiko sa cannula, o isang kumbinasyon ng dalawa.

Ang mga anestesista ay mga espesyalistang doktor na nagbibigay ng anestetiko at nagbabantay sa kalusugan ng iyong anak sa panahon ng operasyon at pagpapagaling. Nakikibahagi din sila sa pampawi ng kirot ng iyong anak pagkatapos ng operasyon.

## Ang klinikang nagsusuri bago ang operasyon/telephone screening

Maaaring tawagan ka ng isang nars mula sa ospital para alamin ang ilang detalye tungkol sa kalusugan at gamot ng iyong anak bago ang araw ng operasyon. Nagbibigay-daan din ito sa kanilang magsaayos ng mga karagdagang pagsusuri o kagamitan, kung kinikailangan, bago ang araw ng operasyon.

Maraming mga ospital ang mag-aanyaya ng mga bata, lalo na ang may pangmatagalang sakit o magkakaroon ng pangunahing operasyon, para dumalo sa klinikang nagsusuri bago ang operasyon. Dito sila magtatanong tungkol sa kalusugan, gamot, at mga alerhiya ng iyong anak. Kukuha sila ng swab mula sa balat (dahan-dahan nilang kukuskusin ang balat gamit ang malambot na cotton stick) para suriin ang anumang impeksyon bago ang operasyon at gagawa sila ng mga anumang pagsusuri ng dugo na maaaring kailangan.

Puwede mo ring makausap ang anestesista na makakapagtalakay ng anumang opsyon sa anestetiko at ng anumang partikular na mga panganib. Karaniwan kang tatanungin ng anestesista o ng nars para sa paunang pagsusuri tungkol sa mga nakaraang karanasan ng iyong anak pagdating sa mga anestetiko o iniksyon, halimbawa ang pagbabakuna. Kadalasan mayroong mga medikal na dahilan kung bakit ang isang uri ng anestetiko ay maaaring mas mainam gamitin kaysa sa iba pa. Tatalakayin nila sa iyo kung paano nila irerekomenda na simulan ang paglagay ng anestetiko at ang mga dahilan kung bakit.

Pagkatapos makigpag-usap sa iyo, may isang plano ang mapagkasunduan. Minsan maaaring kailangang baguhin ang plano, depende sa reaksyon at tugon ng iyong anak sa araw ng operasyon.

Maaari kang magtanong tungkol sa anumang isyu na maaaring mayroon ka sa araw ng operasyon at sa mga araw bago pa iyon.

### Paghahanda sa iyong anak

May maraming bagay na maaari mong gawin para ihanda ang iyong anak sa pagpunta niya sa ospital. Maliban kung napakabata ng iyong anak, dapat mong subukan at ipaliwanag:

- na siya ay pupunta sa ospital
- na magkakaroon siya ng operasyon o pagsusuri
- ang ilang pangunahing impormasyon tungkol sa mangyayari sa kanya kapag nasa ospital na siya.

Ang pinakamainam na oras para ibigay ang impormasyong ito ay nag-iiba-iba sa bawat bata. Para sa mga bata sa preschool ay maaaring kailangan lang nila ito malaman isang araw bago ang pagpunta. Maaaring kailangan ng mga mas nakakatandang bata ng mas maraming oras.

May mga polyeto para sa mga bata sa iba't ibang edad sa aming website na maaari nilang basahin sa iba't ibang wika: www.rcoa.ac.uk/patientinfo/translations#languages. Maaari kang kumuha ng higit pang impormasyon sa Association of Paediatric Anaesthetists of Great Britain and Ireland: www.apagbi.org.uk/children-and-young-people

May mga ilang ospital na nag-aalok sa mga bata ng pagkakataon na bisitahin ang surgical ward o ang silid ng anestetiko sa mga bata bago ang araw ng operasyon. Isa itong mabuting paraan para tulungang ihanda ang iyong anak at mabawasan ang pagkabalisa. Nagbibigay ang mga ibang ospital ng mga virtual tours sa pamamagitan ng mga app at video.

Maraming ospital ang may play-therapy team na makakapagbigay ng mga paliwanag at makakahikayat ng pag-uusap sa pamamagitan ng paglalaro.

## Ano ang dapat sasabihin sa iyong anak

- Ipaliwanag na ang operasyon o pagsusuri ay makakatulong sa iyong anak na bumuti o mapabuti ang kanilang kasalukuyang medikal na kondisyon.
- Hikayatin ang iyong anak na magsalita tungkol sa operasyon at magtanong. Makakatulong ang mga libro, laro, at kuwentuhan.
- Ilahad sa iyong anak ang tiyempo ng operasyon. Kailan siya magkakaroon ng operasyon o pagsusuri? Gaano katagal siya mananatili sa ospital (kung alam mo ito)?
- Kung magdamagan mananatili sa ospital ang iyong anak, sabihin sa kanya na maaari ka ring manatili. Kung hindi ka sigurado kung posible ito, maaari kang tumawag sa ospital para kumpirmahin ito.

## Ano ang dapat dalhin sa ospital

Maaaring payuhan ka ng iyong nars kung ano ang dapat mong dalhin sa ospital, ngunit mangyaring dalhin ang:

- anumang gamot, sa orihinal na packaging, na karaniwang iniinom ng iyong anak
- mga damit pantulog, tsinelas, ekstrang damit, pagpapalit ng damit na panloob o lampin
- sipilyo, tutpeyst, suklay at mga gamit pambanyo
- ang paborito niyang teddy o laruan
- isang libro o drowing pad
- mga cellphone at electronic devices na may charger at headphones.

Kadalasang nasisiyahan ang mga bata sa pag-iimpake ng kanilang mga gamit, pero mas mabuti na huwag magdala ng maraming mga laruan, dahil may mga laruan at masasayang aktibidad naman na ibinibigay ang ospital.

### Hindi mabuti ang pakiramdam ng iyong anak bago ang operasyon?

Dapat mong tawagan ang ospital kung nagkaroon ng malubhang ubo o sipon ang iyong anak sa loob ng dalawang linggo ng operasyon, o pagtatae o pagsusuka sa loob ng ilang araw ng operasyon. Maaaring kailangang ipagpaliban ang operasyon hanggang bumuti ang pakiramdam ng iyong anak.

Kapag may ubo at sipon, mas malaki ang posibilidad na mahihirapan ang mga bata sa paghinga tuwing operasyon kapag nabigyan na sila ng anestetiko. Maaari ring itong magdulot ng karagdagang panganib ng impeksyon sa dibdib sa mga bata. Kaya mahalagang ipaalam mo sa tauhan ng ospital kung masama ang pakiramdam ng iyong anak.

Mangyaring ipaalam din sa tauhan sa ospital kung ang iyong anak ay nagkaroon ng pakikisalamuha sa mga taong may bulutong, tigdas, o ibang mga impeksyon.

Ang kamakailangang bakuna ay karaniwang hindi problema para sa mga batang tatanggap ng anestetiko maliban kung tumaas ang kanilang temperatura bago sila isalang sa operasyon, kung saan minsan ay mas mabuting ipagpaliban ang operasyon. Hindi ito pangkaraniwang pakiramdam, kaya payo namin sa mga magulang na ipatuloy ang pagbabakuna at huwag itong ipagpaliban dahil sa operasyon.

# Mga peligro at pinagsamang paggawa ng desisyon

Hindi karaniwang nagkakaroon ng malulubhang problema sa mga modernong anestetiko. Karamihan sa mga bata ay gumagaling nang mabilis at agad na bumabalik sa normal pagkatapos ng kanilang operasyon at anestetiko. Marami sa mga bata ay posibleng sumama ang kanilang pakiramdam o magkaroon ng sakit sa lalamunan. Karaniwang hindi ito tumatagal. Madalas may nagbibigay ng mga gamot para sa pagsusuka at sakit.

May mga higit na impormasyon na matatagpuan sa aming website tungkol sa **mga karaniwang kaganapan at mga panganib ng anestesya** sa mga kabataan tuwing may pangkalahatang anestetiko sila, na maaaring basahin sa iba't ibang wika: www.rcoa.ac.uk/patientinfo/translations#languages

## Ibinahaging paggawa ng desisyon

Ang ibinahaging paggawa ng desisyon ay nagbibigay ng kasiguruhan na ang mga indibidwal ay sinusuportahan sa mga desisyon na tama para sa kanila. Ito ay proseso ng pagtutulungan kung saan tutulungan ng clinician ang pasyente na magkaroon ng desisyon tungkol sa kanilang paggamot.

Pinagsasama-sama ng pag-uusap na ito ang:

- ang kadalubhasaan ng clinician, tulad ng mga opsyon sa paggamot, ebidensya, panganib at benepisyo

- kung ano ang mga kaalaman ng pasyente: ang kanilang mga kagustuhan, personal na kalagayan, mga layunin, mga pinahahalagahan at paniniwala.

Alamin ang karagdagang impormasyon sa:
www.england.nhs.uk/personalisedcare/shared-decision-making

Narito ang ilang mga tools na maaari mong gamitin para masulit ang iyong mga talakayan sa iyong anestesista o tauhan ng pagsusuri bago ang operasyon:

### Choosing Wisely UK BRAN framework

Gamitin ito bilang paalala na magtanong tungkol sa paggamot.
https://bit.ly/CWUK_leaflet

### Ang NHS ay may tatlong katanungan

Maaaring mayroong mga pagpipilian tungkol sa pangangalaga ng iyong kalusugan.
https://bit.ly/NHS_A3Qs

### Ang Centre for Perioperative Care (CPOC)

Ang CPOC ay gumawa ng animasyon para ipaliwanag ang ibinahaging paggawa ng desisyon.
www.cpoc.org.uk/shared-decision-making

## Sa araw ng operasyon ng iyong anak

Ang ospital ay dapat magbigay ng malinaw na mga direksyon tungkol sa kung kailan magsisimula ang pagtigil ng iyong anak sa pagkain at pag-inom. Importanteng sundin mo at ng iyong anak ang mga direksyong ito.

Kapag may pagkain o likido sa tiyan ng iyong anak sa oras ng anestetiko, posibleng umakyat ito sa likod ng lalamunan at bumaba sa kanyang baga. Kung kumain ang iyong anak kamakailan lang, maaantala ang operasyon o ipagpapaliban ito sa ibang araw.

Mas komportable ang mga bata kung hindi nila kailangang maghintay nang mas matagal nang walang anumang pagkain at inumin. May mga ilang ospital na nagpapahintulot o hinihikayat ang mga bata na uminom ng inumin sa kanilang pagdating.

Ang mga sumusunod ay mga karaniwang napagkakasunduang oras kung kailan pwede kumain o uminom ang iyong anak bago ang isang hindi agaran na operasyon, pero pakisunod ang mga ibinigay sa iyong direksyon ng ospital, dahil posibleng iba ito.

- Ang mga bata ay puwedeng kumain nang kaunti at/o uminom ng isang baso ng gatas anim na oras bago ang operasyon. Pagkatapos ay hindi na sila dapat kumain ng kahit ano, kabilang ang mga matatamis, at dapat iwasan ang chewing gum.
- Ang mga pinapasusong sanggol ay puwedeng bigyan ng gatas ng ina hanggang apat na oras bago ang kanilang operasyon.

- Ang mga sanggol na umiinom sa bote ay puwedeng bigyan ng formula milk hanggang anim na oras bago ang operasyon (paki-check sa inyong ospital kung may mga ibang tagubilin sila para sa mga masyadong maliit o premature na sanggol).
- Ang mga bata ay dapat na patuloy na uminom ng tubig o ng napakalabnaw na juice hanggang isang oras bago ang kanilang operasyon. Nakakatulong ito para manatili silang hydrated at komportable.

Dapat inumin ng iyong anak ang anumang gamot na ibinilin sa araw ng operasyon.

Pagdating mo sa ospital, titimbangin at susukatin ang iyong anak (maliban kung ito ay nagawa na sa nakaraang kasunduan). Susuriin ng isang nars ang kanilang temperatura, pulso at bilis ng paghinga at susukatin niya ang antas ng oxygen at presyon ng dugo.

Pamantayang kagawian na dapat isailalim sa pregnancy test ang sinumang batang lampas sa 12 na taong gulang gamit ng sampol ng ihi. Higit pang impormasyon ay matatagpuan dito: https://bit.ly/NHS-Leaflet

Magtatanong ang nars tungkol sa mga gamot at alerhiya at maglalagay ng dalawang identity bands sa galang-galangan o bukung bukong ng iyong anak. Sa ilang ospital, maglalagay sila ng karagdagang band, o band na iba ang kulay, kung may alerhiya ang iyong anak.

May bibista sa iyong anestesista bago ang pamamaraan para talakayin ang anestetiko ng iyong anak.

Kailangang malaman ng anestesista ang pangkalahatang kalusugan ng iyong anak, kasama rito ang:

- mga nakaraang karanasan sa anestesya
- anumang gamot na iniinom ng iyong anak
- anumang alerhiya nila
- anumang kamakailang ubo, lagnat o pagtatae at pagsusuka.

Kung ang iyong anak o iba pang miyembro ng pamilya ay nagkaroon ng dating problema sa anestetiko, talagang importanteng sabihin ito sa anestesista at ibigay ang anumang impormasyong mayroon ka o ang iyong kamag-anak.

Magandang pagkakataon ito para pag-usapan ang anumang partikular na alalahaning mayroon ka o ang iyong anak tungkol sa anestetiko. Maaaring makatulong na gumawa ng listahan ng mga bagay na gusto mong itanong.

Depende sa uri ng operasyon na gagawin sa iyong anak, puwede ring lagyan ng anestesista ng pampamanhid ang mga nerbiyo gamit ang lokal na anestetiko habang tulog ang iyong anak para makatulong sa pampawi ng kirot pagkatapos.

Posibleng kailanganin din nilang gumamit ng karagdagang mga drip o cannula. Tatalakayin nila sa iyo ang mga dahilan kung bakit ito gagawin at ang kahalagahan ng kagamitang ito sa pagpapanatiling ligtas ng iyong anak habang siya ay natutulog at komportable kapag siya ay nagising na.

## Pag-antala sa operasyon o imbestigasyon

Paminsan-minsan, sa pagsusuri sa iyong anak, maaring may malaman ang anestesista tungkol sa iyong anak na mangangahulugang mas ligtas na hindi gawin ang operasyon sa araw na iyon. Kapag mangyari ito, mag-aabiso sila kung at kailan inaasahang ligtas nang gawin ang operasyon.

## Naunang paggamot ('pre-med')

Ito ang pangalan ng mga gamot na ibinibigay bago ang anestetiko.

Puwedeng magtalakay ang anestesista ng pagbibigay ng gamot na pampakalma para matulungang magrelaks ang iyong anak. Gayunpaman, hindi ito karaniwang ibinibigay dahil baka magdulot ito ng pagkaantok sa mga bata pagkatapos ng operasyon. Maaari ring magbigay bilang paunang gamot para sa pampawi ng kirot o puwedeng magrekomenda ang anestesista ng karagdagang paggamot para sa mga kondisyong tulad ng hika.

Karamihan sa mga paunang gamot ay ibinibigay bilang mga likidong gamot sa pamamagitan ng bibig, ngunit ang ibang mga ospital ay gumagamit ng ibang mga pamamaraan.

## Lokal na anestetiko na cream

Halos lahat ng bata ay lalagyan ng pamamanhid na cream sa likod ng kanilang mga kamay at tatakpan ito ng clear na dressing. Isa itong lokal na anestetiko na cream na umaabot ng 30-60 minuto bago gumana.

Binabawasan ng cream na ito ang matinding kirot kapag ilalagay ang cannula sa kamay o braso ng iyong anak.

Kung hindi magagamit ang cream, sa halip nito ay maaaring gumamit ng lokal na anestetiko na cold spray para gawing manhid ang bahagi ng katawan.

## Pagpunta sa silid ng operasyon

Nagbibigay ang karamihan sa mga ospital ng makukulay na gown pang-ospital para suotin kapag pumupunta sa silid ng operasyon. Bagaman maaaring magsuot ang iyong anak ng kanyang sariling damit o pantulog. Makakasuot siya ng diaper o lampin kung kinakailangan. Aabisuhan ka ng nars kung aling damit-panloob ang puwedeng suotin.

Para pumunta sa kuwarto para sa anestetiko, ang iyong anak ay maaaring maglakad, ihatid sa pamamagitan ng kama, wheelchair o trolley o kargahin papunta roon. Nag-aalok ang ibang yunit ng mga nakakaaliw na uri ng paghahatid. Sa ilang ospital ay maaaring mag-alok sila ng pagsakay sa elektronikong sasakyan.

## Sa loob ng anestetikong silid

Sasamahan ka at ang iyong anak ng nars o ng practitioner sa pangangalagang pangkalusugan gaya ng espesyalista sa laro mula sa ward patungo sa kuwarto para sa anestetiko. Puwedeng magdala ang iyong anak ng laruan o anumang bagay na magbibigay ng kapanatagan sa kanya. Posibleng makatulong ang mga cellphone o

tablet para libangin ang mga bata sa pamamagitan ng mga laro o paboritong palabas.

Kung gusto mo, maaari kang manatili kasama ang iyong anak para maging panatag siya habang binibigyan siya ng anestetiko. Bihira ang sitwasyon kung saan hindi ito posible.

Kung lubos kang nababalisa, hindi mo kailangang samahan ang iyong anak sa kuwarto para sa anestetiko. Sa halip ay maaaring sumama ang ibang miyembro ng pamilya na nasa hustong gulang o ang nars sa ward o therapist sa laro. Ang ibang mga tagapag-alaga ay nahihirapang panoorin ang kanilang anak na binibigyan ng pampamanhid – maging handa sa pakiramdam ng kaunting emosyonal sa iyong sarili kung ikaw ay mananatili sa iyong anak.

Maaaring simulan ang anestetiko habang nakahiga sa trolley ang iyong anak. Maaaring bigyan ng anestetiko ang mas maliit na bata habang nakaupo sa iyong kandungan. Pagkatapos ay bubuhatin siya ng tauhan, maaaring sa pamamagitan ng tulong mo, patungo sa trolley.

Kung isang cannula ang ginamit upang simulan ang anestetiko, ang iyong anak ay karaniwang magiging anesthetized at lanta nang napakabilis. Minsan ay maaaring malamig o parang tinutusok-tusok ang pakiramdam ng iniksyon sa braso. Pagkatapos ay gagamit ang anestesista ng mask para ipagpatuloy ang anestetiko at magbibigay siya ng karagdagang oxygen para sa kaligtasan.

Kung sinimulan ang anestetiko gamit ang gas, karaniwang gumagamit ang anestesista ng mask para ibigay ang gas, o maaari niyang padaanin ang gas sa pamamagitan ng nakatikom na kamay na dahan-dahang ilalagay sa ibabaw ng ilong at bibig ng iyong anak. Katulad ng amoy ng felt-tip pen ang mga anestetikong gas.

Sa oras na mabigyan na ng anestetiko ang iyong anak, maglalagay ang anestesista ng cannula para makapagbigay siya ng pampaginhawa sa sakit at mga anestetikong gamot na kailangan.

Karaniwang inaabot ng ilang sandali (mula sa ilang segundo hanggang sa ilang minuto) bago gumana ang anestetiko. Normal lamang na hindi mapakali ang mga bata sa oras na ito o na mag-iba ang tunog ng kaniyang paghinga.

## Ano ang susunod na mangyayari?

Sa oras na makatulog na ang iyong anak, sasamahan ka ng miyembro ng tauhan palabas ng silid para bigyang-daan ang pangkat ng anesthetic na magpatuloy sa operasyon.

Hindi ka makakapasok sa silid ng operasyon kasama ang iyong anak, ngunit makakasama niya ang anestesista sa buong panahon ng operasyon at masinsinan niyang susubaybayan ang presyon ng dugo, pulso, paghinga at mga antas ng oxygen ng iyong anak upang tiyaking siya ay ligtas at ganap na may anestetiko.

Mainam na oras ito para ikaw ay kumain at uminom, ngunit ipaalam sa tauhan na aalis ka at bigyan sila ng numero ng mobile phone para matawagan ka nila.

# Pagkatapos ng operasyon

## Sa silid ng paggaling

Nagigising ang karamihan ng mga bata sa silid ng paggaling. Magkakaroon ng bendahe sa ibabaw ng kanyang cannula para tiyaking ligtas ito, at hindi niya mapapansin, habang nagigising na siya.

Habang nagpapagaling, ang bawat bata ay inaalagan ng espesyalistang nars o ibang naaangkop na kwalipikadong practitioner na titiyaking komportable ang iyong anak. Magbibigay sila ng karagdagang pampawi ng kirot at mga gamot na pang-iwas sa pagduruwal o pagsusuka kung kailangan. Tatawagin ka para makasama ang iyong anak kapag gising at komportable na siya. Nasa malapit lang ang anestesista at makakatulong siya kung kailangan.

## Pagkabagabag sa oras ng paggising

Maaaring magpakita ang ilang bata ng palatandaan ng pagkalito at/o pagkabagabag kapag nagising na sila. Mas malamang na mangyari ito sa mas maliliit na bata na hindi pa nag-aaral.

Maaaring lubos na mabahala ang ilang bata, lalo na ang mas maliliit. Posibleng umiyak sila at magpagulong-gulong o magkukumpas ng kanilang mga braso at binti. Maaaring magtagal ang asal na ito nang halos 30 minuto at mas matagal kung minsan. Ang mga tauhan na nagtatrabaho sa kuwarto para sa pagpapagaling ay may karanasan sa pag-aalaga ng bata sa ganitong pagkakataon. Isaalang-alang nila kung makakatulong ang mas maraming pampaginhawa sa sakit. Papayuhan ka nila kung paano pinakamahusay na aliwin at muling bigyan ng katiyakan iyong anak.

Kung ang anak ay nagising nang balisa, ito ay natural na nakakabahala sa magulang. Magandang sabihin sa iyong anestesista kapag ang iyong anak ay nakaranas ng itong tipo ng pagkabalisa noong nakaraan upang talakayin ang mga paraan kung paano ito maiiwasan sa hinaharap.

## Pampawi ng kirot

Ang gamot na pampawi ng kirot, at kung minsan ang mga lokal na anestetiko ay ibinibigay kapag ina-apply ang anestetiko para siguraduhin na ang iyong anak ay magigising sa pinakakomportableng kondisyon hangga't maaari. Depende sa pamamaraan ang uri ng pampawi ng kirot.

Kakausapin ka ng anestesista, surgeon, at/o mga tauhan ng ward tungkol sa pinakamahusay na pampawi ng kirot ng iyong anak.

## Pag-uwi ng bahay

Madalas ay posible para sa iyong anak na makauwi ng bahay sa araw ng operasyon o pamamaraan kung ang surgeon at anestesista ay masaya na ito ay ligtas na opsyon at ang iyong anak ay gumagaling nang maayos.

Ikaw ay bibigyan ng payo tungkol sa kung paano magbigay ng gamot na pampawi ng kirot sa bahay. Makakatulong rin na maghanda ng pediatric paracetamol at ibuprofen upang maging handa kapag ang iyong anak ay nagpapagaling sa bahay.

Dapat mong sundin nang mabuti ang payong ibinibigay sa iyo tungkol sa pampawi ng kirot ng iyong anak.

Ang ilang bata ay posibleng makaramdam na may sakit o puwedeng magkaroon ng sakit sa pag-uwi ng bahay. Makakatulong ang paghahanda!

Kapag iuuwi mo ang iyong anak sa mismong araw ng operasyon, bibigyan ka ng numero sa pag-kontak na matatawagan kung may alalahanin ka tungkol sa iyong anak sa bahay.

# Mga tanong na maaaring nais mong itanong

Kung may mga katanungan ka tungkol sa anesthetic ng iyong anak, isulat ang mga ito (maaari mong gamitin ang mga halimbawa sa ibaba at idagdag ang sariling tanong sa espasyo sa ibaba). Kung nais mong makipag-usap sa anestesista bago ang araw ng iyong operasyon, makipag-ugnayan sa pangkat ng pagsusuri bago ang operasyon na maaaring mag-ayos para makausap mo ang anestesista sa telepono o makita sila sa isang klinika.

1. **Mayroon bang mga partikular na panganib ang aking anak?**
2. **Kailan ko dapat simulan ang pagkikipag-usap sa aking anak tungkol sa anesthetic?**
3. **Paano ko haharapin ang pagkabalisa ng aking anak?**
4. **Kailan makakabalik sa paaralan ang aking anak?**
5. **…**
6. **…**
7. **…**

## Disclaimer

Sinisikap naming tiyaking tumpak at napapanahon ang impormasyon sa polyetong ito, ngunit hindi namin ito magagarantiya. Hindi namin inaasahan na masasagot ng pangkalahatang impormasyon na ito ang lahat ng posibleng tanong mo o na matatalakay nito ang lahat ng maaaring mahalaga para sa iyo. Dapat mong talakayin ang iyong mga desisyon at anumang alalahanin mo sa iyong medikal na team, gamit ang polyetong ito bilang gabay. Hindi dapat ituring na payo ang polyetong ito. Hindi ito maaaring gamitin para sa anumang layuning komersyal o pangnegosyo. Para mabasa ang buong disclaimer, mag-click dito (www.rcoa.ac.uk/patient-information/translations/tagalog).

Gawa ang lahat ng pagsasalin ng komunidad ng mga tagasalin ng Translators Without Borders. Sinusuri ang kalidad ng mga pagsasaling ito para masigurong tumpak hangga't maaari ang mga salin, ngunit maaaring magkaroon ng mga hindi tumpak na salin at maling pagpapakahulugan sa ilang impormasyon.

# Sabihin sa amin kung ano ang iyong iniisip

Kung mayroon kang anumang pangkalahatang komento, mangyaring i-email ang mga ito sa: patientinformation@rcoa.ac.uk

**Royal College of Anaesthetists**
Churchill House, 35 Red Lion Square, London WC1R 4SG
020 7092 1500

## www.rcoa.ac.uk

### Ikapitong Edisyon, Oktubre 2023

Rerepasuhin ang polyeto na ito sa loob ng tatlong taon mula sa petsa ng paglathala.

**© 2023 Royal College of Anaesthetists**
Maaaring kopyahin ang polyeto na ito para sa layunin ng paggawa ng materyal ng impormasyon para sa pasyente. Mangyaring sipiin ang orihinal na akdang ito. Kung may bahagi ng polyeto na nais mong gamitin sa ibang publikasyon, dapat na magbigay ng angkop na pagkilala at alisin ang mga logo, branding, larawan at icon. Para sa higit pang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa amin.